

INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN



Salin ng piling
mga pahayag
ni JMS

PAUNANG SALITA

Inililimbag ng KARED-TK ang INDEKS Tomo 2, Bilang 1, corrected version, na naglalaman ng kompilasyon ng mga piling pahayag at mga talumpati ni Kasamang Jose Maria Sison mula Oktubre 2019 hanggang Abril 2020 hinggil kay Duterte; hinggil sa imperyalismo; hinggil sa peace talks at hinggil sa rebolusyong Pilipino. Lahat ng mga pahayag at talumpati ay malayang salin ng KARED-TK maliban sa dalawang artikulo na Paigtingin ang pakikibaka laban sa rehimeng Duterte, isulong ang kilusang pambansa- demokratiko ng bayan (Disyembre 14, 2019) at Mag-aral ng MKLRP para maging matatag at militante sa pakikibaka: Pagbati sa launching ng ika-4 na edisyon ng MKLRP (Oktubre 12, 2019) at ang buong seksyon ng hinggil sa Peace Talks na upisyal na salin ng PAKED-KAWSA nitong Setyembre 2021 na ipinalit sa salin ng KARED-TK.

Papailalim ito sa anumang upisyal na pagsasaling ilalabas ng Komite Sentral ng Partido, National Democratic Front of the Philippines, PAKED, Pambansang Komisyon sa Propaganda at iba pang pambansang organo ng Partido.

Ang pagsisikap na ito ng KARED-TK sa ilalim ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan ay pagtugon sa panawagan ng pambansang sentro (KTKS) na isalin ang mga makabuluhan at napapanahong mga pahayag at artikulo para patuloy na maitaas ang pampulitikang kamalayan ng Partido, Hukbo at baseng masa; maging sandatang kaalaman sa gawaing pagpukaw at pulitikalisasyon sa malawak na masa ng sambayanan, at paghikayat sa patuloy na pag-aaral sa kalagayan ng lipunan at mga tungkulin ng rebolusyon.


Maliban sa mga salin ng mga piling pahayag ni JMS, gumawa rin ang KARED-TK ng kaukulang mga gabay sa pagtalakay/*discussion points* (INDEKS Talk) para makatulong sa ating mga propagandista, organisador at mga edukador at mapasigla at mapaunlad pa ang ating mga rebolusyonaryong gawain.

Tatanggap din ang KARED-TK ng mga komento at/o mungkahi sa pagpapaunlad pa ng gawain sa pagsasalin at gayundin sa binalangkas na mga gabay sa pagtalakay. Maraming salamat.

Mula sa Patnugutan ng INDEKS Oktubre 2021

JMS

hinggil sa
Peace Talks



NILALAMAN:

MGA REPLEKSYON AT PERSPEKTIBA HINGGIL SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP AT NDFP, Oktubre 19, 2019	2
DUTERTE AT ESPERON, NAGTAKDA NG PREKUNDISYON NA HUMAHADLANG SA PAGTUTULOY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN, Disyembre 7, 2019	11
HINGGIL SA PAGTUTULOY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP-NDFP, Disyembre 9, 2019	13
HINGGIL SA MGA REKISITONG PAMPULITIKA, LIGAL AT PANSEGURIDAD PARA SA PAGDARAUSAN NG MGA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP-NDFP, Disyembre 11, 2019	14
MGA GARANTIYA SA KALIGTASAN AT IMYUNIDAD PARA SA MGA TAUHAN NG NDFP AT MGA KINAKAILANGANG SIRKUNSTANSYA PARA SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN, Disyembre 12, 2019	16
MGA IMPLIKASYON AT POSIBLENG KONSEKWENSYA NG PAGTUTULOY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP-NDFP , Disyembre 14, 2019	18
HINGGIL SA KASALUKUYANG TIGIL-PUTUKAN AT HIGIT NA HAKBANG PASULONG, Enero 5, 2020	21
NDFP: NILALAYON NINA ESPERON AT GALVEZ NA ISABOTAHE ANG MGA USAPAN SA PAMAMAGITAN NG PAG-ATAKE SA CASER, Enero 14, 2020	23
ANG PAULIT-ULIT NA ALOK NI DUTERTE NA ONE-ON ONE SA MAYNILA AY ISANG BITAG AT NAKATUON SA PAGHADLANG SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN Enero 12, 2020	27
LUMIKHA NG PAGDUDUDA ANG MGA AWTORIDAD NA MILITAR AT PULISYA ALOK NI DUTERTE NA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN	28

Ang INDEKS ang opisyal na publikasyon ng KARED-TK na naglalaman ng mga pantulong na babasahin para sa mga edukador at propagandista sa rehiyong Timog Katagalugan.

MGA REPLEKSYON AT PERSPEKTIBA HINGGIL SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP AT NDFP

19 OKTUBRE 2019

Mahal na kapwa tagapagtaguyod ng kapayapaan,

Pinakamainit na pagbati ng solidaridad at kapayapaan!

Hayaan ninyong talakayin ko ang mga tagumpay ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) gayundin ang mga kahirapan at balakid mula 1992. Kaugnay nito, ibabahagi ko sa inyo ang aking perspektiba on mga negosasyong ito.

Mga Nakamit sa Prosesong Pangkapayapaan

Ang mga nakamit sa usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP ay binubuo ng serye ng pinagsamang kasunduan na pinag-usapan at mutwal na pinagtibay ng GRP at ng NDFP bilang mga partido sa negosasyon mula 1992. Hayaan ninyong tukuyin ko ang mga pinakamahahalaga. Hindi ako pinahihintulutan ng limitadong oras na tukuyin ang lahat ng kasunduan at lahat ng hakbanging na nagpapakita ng kabutihang-loob at mga nagbubuo ng kumpyansahan tulad ng mga kasunduan sa tigil-putukan na may maikling panahon at ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at bilanggo ng digma.

1. Ang *The Hague Joint Agreement* ay pinirmahan ng mga kinatawan ng GRP at ng NDFP noong Setyembre 1, 1992. Itinatakda nito ang balangkas ng usapang pangkapayapaan. Kabilang dito ang pagresolba sa armadong labanan sa pamamagitan ng pormal na usapang pangkapayapaan, ang mga prinsipyong gumagabay na pambansang soberanya, demokrasya at katarungang panlipunan gayundin bilang prinsipyo ng di-pagsuko ng alinman sa mga partido sa negosasyon, paraan ng negosasyon at pagbabalangkas ng mga komprehensibong kasunduan sa pamamagitan ng *reciprocal working committees* at ng substantibong adyenda sa pagkamit sa mga komprehensibong kasunduan sa a. paggalang sa mga karapatang pantao at internasyunal na batas humanitarian, b. mga repormang panlipunan at pang-ekonomya, k. mga repormang pampulitika at konstitusyunal, at d. pagwawakas

sa mga labanan at disposisyon ng mga pwersa.

Malinaw na makakamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglutas sa mga ugat ng armadong labanan sa pamamagitan ng mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika.

2. Ang *Breukelen Joint Statement* ay pinirmahan at pinagtibay noong Hunyo 14, 1994. Produkto ito ng unang eksploratoryong pulong ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP matapos ang naantalang pagbubuo ng mga ito at matapos ang pagkabigo ng namamagitang *National Unification Commission (NUC)* na ipatupad ang tinatawag na lokalisadong usapang pangkapayapaan sa ilalim ng direksyon at kontrol ng GRP at militar nito. Unilateral na binuo ng GRP ang NUC noong Setyembre 2, 1992. Tinutulan ng NDFP ang NUC na salungat sa *The Hague Joint Agreement* at pinuna ito bilang iskema para isabotahe ang negosasyong pangkapayapaan at imisrepresenta ang mga asset-militar bilang sumurender na mga mandirigma ng BHB at bilang bigong saywar na pagtatangka na hatiin at buwagin ang rebolusyonyong kilusan.

3. Ang *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees* ay pinirmahan at pinagtibay noong Pebrero 24, 1995. Ginagarantiyahan nito ang kaligtasan at imyunidad ng mga panelista sa negosasyon, konsultant, tagapayo at sinasangguning may kadalubhasaan, istap at iba pang tauhan sa negosasyon ng GRP at ng NDFP sa panahon at pagkatapos ng usapang pangkapayapaan, anuman ang maging resulta. Itinatakda nito ang pagdaraos ng negosasyong pangkapayapaan sa dayuhang nyutral na lugar. Ipinipirmi nito ang konsistenteng posisyon ng NDFP na sa labas ng bansa ilunsad ang pormal na negosasyong pangkapayapaan para iwasan ang mga konsekwensya ng militar na surbeylans ng GRP na laban sa mga tauhan at istap sa negogasyon ng NDFP sa panahon at pagkatapos ng usapang tigil-putukan at kasunduang tigil-putukan mula 1986 hanggang 1987 sa panahon ng rehimeng Aquino. Ang mga pagdukot at pagpatay sa mga tauhan ng negosasyon ng NDFP ay ginawa matapos gumuho ang kasunduang tigil-putukan bilang resulta ng masaker sa Mendiola sa mga magsasaka at kanilang tagasuporta sa lunsod noong Enero 23, 1987.

4. Ang *The Joint Agreement on the Formation, Sequence and Operationalization of the Reciprocal Working Committees (RWCs)* ay pinirmahan at pinagtibay sa panahon ng pormal na pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP sa Brussels noong Hunyo 25, 1996. Ginagabayan nito kung paano babalangkasin ang komprehensibong mga kasunduan ng *reciprocal working committees*

para sa negosasyon ng mga panel sa negosasyon alinsunod sa substantibong adyenda.

5. Ang *Additional Implementing Rules Pertaining to the Documents of Identification* ay pinirmahan noong Hunyo 26, 1996. Sinuhayan nito ang *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees*. Itinatadhana nito ang palitan ng mga listahan at bilang ng mga tao na mutwal na pinagkaisahan na saklaw ng mga garantiya sa kaligtasan at imyunidad sa huli.

6. Ang *The Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL)* sa pagitan ng GRP at ng NDFP ay pinirmahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP sa The Hague noong Marso 16, 1998. Ito ang pinakamahalagang kasunduan hanggang sa ngayon na nagawa ng mga panel sa negosasyon ng GRP-NDFP na mutwal na pinagtibay ng kanilang mga kinauukulang prinsipal. Ito ay katuparan ng unang aytem sa apat na aytem na nasa substantibong adyenda ng usapang pangkapayapaan. Produkto ito ng kabuuang anim na buwang tuluy-tuloy na negosasyong pangkapayapaan at pagbabalangkas ng *reciprocal working committees* at ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP.

7. Ang *The Joint Agreement in Support of Socioeconomic Projects of Private Development Organizations and Institutes* ay pinirmahan noong Marso 16, 1998. Ito ay kasunduan na nagpapahintulot at nag-eengganyo ng mga inisyatibang sosyo-ekonomiko ng mga di-panggubernong entidad. Balido at may bisa ito kahit bago pa napagkasunduan at mutwal na pinagtibay ang *Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms*.

8. Ang *The Joint Statement of the GRP and NDFP Negotiating Panels* ay pinirmahan noong March 9, 2001. Mayroon ito napakalaking kahalagahan dahil ipinapakita nito kung paano maitutuloy ang negosasyong pangkapayapaan matapos ang ginawang unilateral na terminasyon ng isang partidong nakikipag-usap. Muli nitong pinagtibay ang *The Hague Joint Declaration of 1992* at lahat ng iba pang sumunod na kasunduan ng dalawang partido para mapawalang-bisa ang ginawang terminasyon ng rehimeng Estrada.

Sa panahon ng rehimeng Arroyo, nagkasundo ang GRP at ang NDFP na gawing ikatlong partidong *facilitator* ang Royal Norwegian Government na responsable sa pagtiyak sa dayuhang nyutral na pagdarausan ng negosasyong pangkapayapaan at mga rekurso para sa layunin. Nagkaisa rin ang GRP at NDFP sa *Operating Guidelines of the Joint Monitoring Committee* sa ilalim

ng CARHRIHL. Mahalaga ang mekanismong ito para sa pagrerekord at palitan ng mga reklamo sa ilalim ng CARHRIHL para mapakitunguhan ang nasabing mga reklamo at tiyakin ang pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan. Sa pamamagitan ng pinagsamang pahayag ng GRP-NDFP, tiniyak ng GRP sa NDFP na ang mga biktima ng paglabag sa mga karapatang pantao sa ilalim ng pasistang rehimeng Marcos ay tatanggap ng bayad-pinsala mula sa ninakaw ni Marcos na narekober sa Switzerland.

Sa unang taon ng rehimeng Duterte, maaliwalas ang prospek ng pinabibilis na mga negosasyong pangkapayapaan at kasunduan kahit hindi tinupad ng bagong pangulo ang kanyang pangako noong Mayo 16, 2016 na ipagkaloob ang amnestiya at palayain ang lahat ng detenidong pulitikal bago ang pagpapatuloy ng kasunduang pangkapayapaan. Naganap mula Agosto 2016 hanggang Pebrero 2017 ang pinakamahabang tigil-putukan sa pagitan mga armadong pwersa ng GRP at ng NDFP. May kasunduan na pabibilisin ang mga negosasyon ng lahat sa tatlong natitirang aytem ng substantibong adyenda, nang hindi nilalabag ang buong kasunduan sa pagkakasunod ng mga komprehensibong kasunduan.

Pinirmahan ng inisyal ng *reciprocal working committees* ng GRP at ng NDFP ang Mga Gumagabay na Prinsipyo at ang Seksyon hinggil sa Repormang Agraryo at Kaunlaran ng Kanayunan at ang Pambansang Industriyalisasyon at Pang-ekonomyang Pag-unlad sa Komprehensinong Kasunduan sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (KKRPP) [Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER)]. Binuo ang mga tentatibong kasunduan para sa pinagsamang tigil-putukan na may pagsang-ayon at implementasyon ang CASER.

Maaaring ituring ang mga naturang kasunduan na positibong mga salik para sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa anumang panahon. Maaari maging tuntungan ang mga ito para sa pagpapanday ng tatlong pang natitirang komprehensibong kasunduan at sa pagkumpleto ng proseso ng kapayapaan. Mula 2017, nagbalangkas na ang NDFP ng sarili nitong bersyon ng KKRPP (CASER) at nailimbag na ito noong 2018. Para sa sariling internal na pag-aaral at sa paghahanda sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa hinaharap, mayroon ring tentatibong borador ang NDFP ng *Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms at ng Comprehensive Agreement on the End of Hostilities and Disposition of Forces*.

Mga Kahirapan at Balakid sa Proseso ng Kapayapaan

Isang katotohanan na ang GRP at ang NDFP ay dalawang naglalabanang partido o mga pwersang nagdirigmaan sa isang gera sibil pero nagkasundong tumayong mga partido na nagnenegosasyon na bukas na harapin at lutasin ang mga ugat na sanhi ng armadong labanan. Batay dito, laging inililinaw ng NDFP na bukas ito sa mga komprehensibong kasunduan ng mga repormang burges-demokratiko sa ilalim ng gabay na mga prinsipyo na pambansang soberanya, demokrasya at katarungang panlipunan. Hindi ito kailanman naglahad ng wala-sa-panahong mga sosyalista o komunistang kahingian sa negosasyong pangkapayapaan.

Pero nagkakaroon ng kahirapan ang GRP sa independyenteng pagdedesisyon at pagkilos sa tradisyunal na mga dikta ng dayuhang monopolyong kapitalismo, lokal na pyudalismo, burukratikong korapsyon at panunupil. Kailanman naantala, nagugulo o natitigil ang negosasyong pangkapayapaan, nagiging kapuna-puna ang ilang reaksyunaryong motibasyon ng GRP, tulad ng paghahangad ng pagsuko at pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan ng NDFP at pagsantabi sa substantibong adyenda para lutasin ang mga ugat ng armadong labanan para sa kapakinabangan ng mamamayan at maitatag ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Pansinin ang katotohanang bawat rehimen ng GRP ay nagpapatupad ng mga estratehikong planong militar para durugin ang rebolusyonaryong kilusan habang umiiral ang prosesong pangkapayapaan o kahit ang tigil-putukan. Ang rehimens ng Duterte ang naging pinakamarahas at pinakabungangero sa paghahangad na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa paraang lantay-militar sa ilalim ng islogang bangaw na anti-komunismo. Ito ay paglapastangan sa malawak na masa ng sambayanan na mulat sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo bilang pinakamalalaking suliraning sumasalot sa kanila.

Tinatangka ni Duterte at kanyang mga alalay na militar na siraan ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP sa pagsasabi na wala itong nakamit sa loob ng 25 taon mula 1992 hanggang 2017. Sa katunayan, marami na itong nakamit sa kabila ng mga antala, pangugulo at pagtitigil na nakabawas sa mga araw ng produktibong baylateral na pormal na usapang pangkapayapaan sa kulang isang taon sa nakalipas na mahigit 25 taon mula 1992. Mas malaking panahon ang ginugol sa magastos pero walang saysay na mga estratehikong planong operasyunal ng militar at sa pagsasabotahe ng usapang pangkapayapaan.

Sa kabila ng katotohanan na karamihan sa nabanggit na mahahalagang kasunduan ay pinag-usapan at mutwal na pinagtibay sa panahon ng administrasyong Ramos, nagulo ang proseso ng kapayapaan halos pagkatapos na pagkatapos mapirmahan ang *The Hague Joint Declaration* kung kailan binuo ni Ramos ang National Unification Commission (NUC) noong Setyembre 2, 1992 para magsagawa ng “mga lokalisdong usapang pangkapayapaan”. Kagyat itong kinundena ng NDFP bilang pagsisikap na hatiin at wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at wakasan ang prosesong pangkapayapaan. Pinigilan ng NUC ang pagsisimula ng pormal na usapang pangkapayapaan hanggang 1994 nang malinaw na napatunayan na hindi kayang makamit ang diumanong lokalisdong usapang pangkapayapaan.

Pagkatapos na pagkatapos ng pormal na pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan sa Brussels noong 1995, iginiit ng Kalihim sa Depensa na si Renato de Villa na ibilanggo si Sotero Llamas at hindi nirespeto ang kasunduang palayain siya bilang konsultant ng negosasyong pangkapayapaan. Gayunman, matapos palayain si Llamas, nagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan at relatibong mabilis na sumulong. Ilang malalaking kasunduan ang naisara sa mabilis na pagkakasunod.

Ang mga panel sa negosasyon ng GRP-NDFP at kanilang kinauukulang reciprocal working committees ay namumukod-tangi sa pakikipag-usap, pagpinalisa at pagpirma sa *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law* sa loob lamang ng anim na buwan ng 1997 hanggang 1998. Pero umiwas na pirmahan ni Pangulong Ramos ang kasunduan hanggang matapos ang kanyang termino noong 1998.

Pinirmahan ni Pangulong Estrada ang CARHRIHL noong Agosto 7, 1998 pero winakasan ang negosasyong pangkapayapaan noong Mayo 29, 1999 bilang reaksyon sa pagkabihag ng Bagong Hukbong Bayan kina General Obillo at Captain Montealto sa ilalim ng mga kundisyon na walang kasunduan ng tigil-putukan sa kabila ng kahandaan ng NDFP na palayain ang mga bilanggo-
ng-digma. Ikinagalit din niya sa patriyotikong oposisyon ng NDFP ang US-RP Visiting Forces Agreement. Walang naganap na negosasyong pangkapayapaan sa karamihan ng mga taon na nasa kapangyarihan si Estrada.

Nagkaisa si Pangulong Arroyo at ang panel sa negosasyon ng GRP na ituloy ang negosasyong pangkapayapaan at muling pagtibayin ang mga naunang kasunduan nang maagang bahagi ng 2001. Sumang-ayon rin siya na gawing ikatlong partidong *facilitator* ang Royal Norwegian Government at sa *Joint*

Agreement on the Operating Guidelines for the Joint Monitoring Committee na binuo sa ilalim ng probisyon ng CARHRIHL.

Pero noong Abril 2001, sa ilalim ng lumalakas na impluwensyang militar ng kanyang mga pambansang tagapayong militar, nakakita si Arroyo ng dahilan para indepinidong “suspindihin” ang negosasyong pangkapayapaan dahil sa pagpatay sa gobernador ng Cagayan na si Rodolfo Aguinaldo na lumaban nang aarestuhin siya ng Bagong Hukbong Bayan sa batayan ng order ng pag-aresto na matagal nang inisyu ng Hukumbang Bayan dahil sa malulubhang krimen ng paglabag sa karapatang pantao sa panahon at matapos ang pasistang rehimeng Marcos. Sa loob ng mahabang siyam na taon, sa panahon ng rehimeng Arroyo, hindi nagkaroon ng negosasyong pangkapayapaan.

Pumayag ang administrasyong Aquino na ituloy ang negosasyong pangkapayapaan at muling pagtibayin ang lahat ng naunang kasunduan. Pero paulit-ulit na ginulo ng *National Security Cluster* ng Gabinete at ang *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)* ang negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng paghahangad na agad na ipailalim ang mga ito sa solong awtoridad ng GRP at paghingi ng walang taning na pinatagal na tigil-putukan bago pa ng negosasyon para sa *Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER)*.

Inutusan din ng kalihim ng OPAPP ang tagapangulo ng panel sa negosasyon ng GRP na ipamarali na ang *The Hague Joint Declaration* ay isang dokumento na perpetwal na paghahati at na ang CARHRIHL ay isang dokumentong propaganda ng NDFP, at insultohin ang NDFP dahil umano’y naglalayon itong masungkit ang buwan sa paghingi ng mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika. Bunga nito, gumuho ang negosasyong pangkapayapaan nang walang nagawang anumang mahalagang pagsulong. Wala halos anumang naging pagsulong sa pagtalakay sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya sa loob ng anim na taong nasa kapangyarihan si Aquino.

Bago naging pangulo si Duterte, paulit-ulit niyang sinasabi na kagyat siyang makikipagnegosasyon sa NDFP tungkol sa kapayapaan at magbubuo ng gubyernong koalisyon kasama ang PKP. Noong Mayo 16, 2016, ipinangako niya na bibigyan niya ng amnestiya at palalayain ang lahat ng detenidong pulitikal sa pagsisimula ng kanyang panunungkulan. Hindi niya tinupad ang pangakong ito at sa gayon, nagduda ang NDFP sa kanyang mga susunod na pahayag.

Sa kabila ng kasunduang tigil-putukan mula Agosto 2016 hanggang sa unang

linggo Pebrero 2017, ipinagpatuloy ng rehimeng Duterte ang kanyang todo-largang patakaran sa gera at mga operasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagtutuloy ng Oplan Bayanihan ni Aquino hanggang inilunsad niya ang kanyang sariling Oplan Kapayapaan noong Enero 2017. Kapagdaka, nag-isyu siya proklamasyon ng batas militar sa Mindano noong Mayo 23, 2017 na hayagang ginawang target ang rebolusyonaryong kilusan ng todo-todong digma.

Di nagtagal, inilabas ni Duterte ang Proklamasyon 360 para wakasan ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP, at ang Proklamasyong 374 para tukuying mga “teroristang” organisasyon ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbong Bayan. Dagdag pa, inisyu niya ang *Executive Order No. 70* para likhain ang *national task force* na wawasak sa rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng “buong bansang” kaparaanang pagmimilitarisa sa gubyerno at lipunan alinsunod sa linyang bangaw na anti-komunismo. Patuloy na tumitindi ang mga mapaniil na patakaran at pagkilos.

Kahit na winakasan ng rehimeng Duterte ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP, ang OPAPP na nasa lubusang kontrol ngayon ng nauulol na anti-komunistang militar ay patuloy na inulit-ulit ang iskemang saywar ng National Unification Commission noong 1992 hanggang 1994 para magsagawa ng “mga lokalisdong usapang pangkapayapaan” sa ilalim ng direksyon at kontrol ng militar ng GRP. Tulad ng NDFP, hayagang kinundena ng BHB sa bawat antas ng kumand ang diumanong mga lokalisdong usapang pangkapayapaan. Tulad noong 1992 hanggang 1994, nagpalabas ng mga pekeng pagsurender ang reaksyunaryong pwersang militar at pulisya bukod pa sa pag-imbento ng mga pekeng engkwentro at nagdulot ng malawak na mga paglabag sa mga karapatang pantao ng mamamayan.

Ang tunay na layunin ng rehimeng Duterte sa pagwawakas sa negosasyong pangkapayapaan ay para sisihin ang rebolusyonaryong kilusan sa armadong labanan at para maisakatuparan ang pakanang pasistang diktadura ni Duterte. Sa proseso, nagsasagawa ang rehimen ng serye ng mga hakbangin kung saan ginamit ng presidente bilang punong komandante ang mga pwersang militar at pulisya para labagin ang mga karapatang sibil at pampulitika ng lahat ng tumututol sa rehimen.

Bigo ang rehimen sa kanyang pagsisikap na terorisahin ang mamamayan sa paggamit ng *red-tagging*, gawa-gawang mga kaso, pagtatanim ng mga ebidensya, mga pagdukot, tortyur, asasinasyon, maramihang pagpatay,

pambobomba at pwersahang maramihang pagpapaalis sa mga naninirahang maralitang lunsod, mga magsasaka at katutubong mamamayan para lumikha ng klima ng sindak at padulasin ang panunupil sa lahat ng tumututol sa rehimen, kabilang ang ligal na oposisyon, mga kritiko, aktibistang panlipunan at karaniwang mamamayan.

Hinaharap sa Pagtutuloy ng Prosesong Pangkapayapaan

Sa pag-alam kapwa sa mga nakamit na, gayundin sa mga kahirapan at mga balakid, ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP, alam natin kung ano ang mga positibong salik na dapat paunlarin at kung ano ang mga negatibong salik na dapat pangibabawan.

Ang mga positibong salik ay ang mga kasunduan, ang karanasan at kasanayan na lumitaw at natipon sa pagdaan ng panahon. Tiyak na positibong salik pabor sa negosasyong pangkapayapaan ang suporta ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan at ang malawak na masa ng sambayanan. Kabilang sa pangunahing mga negatibong salik ang bangaw na anti-komunismo at ang pagpapalagay na maibibigay ng GRP ang mga serbisyo sa mamamayan at mawawakasan ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng lantay na pwersang militar at hindi sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan.

Sa panahon mismo ng kasalukuyang rehimen ng Duterte, ang mga negatibong salik ay ganoon na lamang nasa panig ng GRP, kung kaya makikita sa serye ng mga presidensyal na pahayag na wakasan ang negosasyong pangkapayapaan, na tatakan bilang “terrorista” ang PKP at BHB at lumikha ng *national task force* para sa militarisasyon at pasisasyon ng gubyrno at lipunan sa ilalim ng bandila ng anti-komunismo.

Habang nananatili sa kapangyarihan si Duterte at kanyang naghaharing pangkat, walang pag-asa para sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP dahil sa obsesyon na patindihin ang mga mapaniil na hakbangin at magtakda ng isang pasistang diktadura sa sambayanang Pilipino sa pagdadahilan na paglaban at pagtalo sa “komunismo” at sa armadong rebolusyon.

Maliit lamang ang tsansa na maging handa si Duterte na ituloy ang negosasyong pangkapayapaan kung makumbinsi siya na walang-saysay ang kanyang proyekto na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng lantay armadong pwersa at kung maitutulak siya na kilalanin at igalang ang

napakalaking pagsulong ng malawak na popular na oposisyon gayundin ang armadong rebolusyonaryong kilusan, na tiyak na ibubunga ng kasalukuyang pagtindi ng pang-aapi at pagsasamantala.

Ngunit sa pinakamalamang, hindi makikitang kapaki-pakinabang ng rebolusyonaryong kilusan na pumasok sa negosasyong pangkapayapaan sa GRP sa ilalim ng rehimeng Duterte kapag nasa bingit na ito na mapatalsik o nalalapit na ang pagwawakas ng kanyang termino. Kung napipinto na ang kilusang pagpapatalsik, makikita ng rebolusyonaryong kilusan na higit itong rasonable, benepisyal at kinakailangan para tulungang mapabilis ang pagbagsak ng rehimen at makipagnegosasyon sa susunod na administrasyon ng GRP.

DUTERTE AT ESPERON, NAGTAKDA NG PREKONDISYON NA HUMAHADLANG SA PAGTUTULOY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN

7 DISYEMBRE 2019

Noong Disyembre 5, naiulat ng masmidya ng Maynila na si Duterte ay nag-alok sa NDFP na muling ituloy ang usapang pangkapayapaan at inatasan si Secretary Silvestre “Bebot” Bello III na lumipad sa The Netherlands at makipagkita sa akin kaugnay ng alok.

Sa buong katapatan, sinabi ko sa mga taga-interbyu ng midya na ikinasisiya ko at ng NDFP ang alok para sa kagalingan ng sambayanang Pilipino. Sinabi ko pa nga na hindi kailanman nagsara ng pintuan ang NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa GRP sa ilalim ni Duterte o ng sinumang pangulo.

Napansin ko na hindi gumawa ng anumang prekondisyon si Duterte para sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan. Pero sa loob ng 24 oras matapos ang alok ni Duterte, naghapag siya at ang kanyang sidekick na si Esperon ng prekondisyon na ang usapang pangkapayapaan ay dapat ipagpatuloy sa Pilipinas.

Lubos na di katanggap-tanggap para sa NDFP ang prekundisyong ito dahil layon nitong ilagay ang NDFP at ang buong negosasyong pangkapayapaan sa bulsa

ng rehimeng Duterte at sa ilalim ng kontrol at surbeylans ng uhaw-sa-dugong militar at pulisya na nagsasagawa ng maramihang pagpatay at iba pang mga karumaldumal na krimen nang may impyunidad.

Sa katunayan, pinatay ng rehimeng Duterte ang negosasyong GRP-NDFP mula 2017 sa pag-iisyu ng Proklamasyon Blg. 360 para wakasan ang nasabing negosasyon, Proklamasyong Blg. 374 na tumutukoy sa PKP at BHB bilang “terorista” at Ehekutibong Kautusan Blg. 70 na nagmimilitarisa at ginagawang pasista ang gubyerno, para tukuyin lamang ang pinakamahahalagang pahayag na anti-kapayapaan ng tirano na si Duterte.

Ang nabanggit na mga pahayag ni Duterte ang sumasagka sa negosasyong pangkapayapaan saanman sa mundo kung hindi mapangingibabawan ang mga ito at mapawawalambisa kasabay ng muling pagpapatibay sa lahat ng kasunduan na mutwal na inaprubahan ng GRP at NDFP magmula ng

Ang layunin ng impormal na usapan ay ayusin muna ang mga isyu na humahadlang sa pormal na pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan at samantalain ang pag-unlad at antas ng kasunduan ng nagdaang mga negosasyon kaugnay ng amnestiya at pagpapalaya sa mga detenidong pulitikal at ang mga borador na kasunduan sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya, repormang pulitikal at konstitusyunal, at tigil-putukan.

Napakaarogante at mapang-insulto ni Esperon sa NDFP sa pagdedeklara na wala itong pagpipilian kundi ang tanggapin ang pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa Pilipinas dahil naniniwala siya sa kanyang kasinungalingan na nagapi na ng reaksyunaryong militar at pulisya ang armadong rebolusyon ng mamamayan gamit ang mga pekeng balita kaugnay ng huwad na mga suportang proyekto sa komunidad, mga pekeng surrender at pekeng engkwentro.

Hindi dapat tangkain ni Esperon na makinabang sa murang panandaliang saywar at sirain o sabotahehin ang posibilidad ng pagtutuloy sa negosasyong pangkapayapaan sa nyutral na dayuhang pagdarausan bago pa ang mutwal na pagtitibay sa Komprehensibong Kasunduan hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya. Parang sinasabihan niya ang NDFP na huwag makipagnegosasyon at hinahamon ang mamamayan at ang mga rebolusyonaryong pwersa na lumaban sa pinakamahasag na paraang kaya nila para makamit ang pambansa at panlipunang kalayaan.

Sa katunayan, wala silang pagpipilian kundi ipagpatuloy ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka habang nananatiling traydor, tiranikal, henosidyal, korap at mapanlinlang ang rehimeng Duterte. Pinalalala ng rehimeng ito ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema, nagdudulot ng di-mabatang kahirapan sa mamamayan at nagtutulak sa kanila na maglunsad ng lahat ng anyo ng pakikibaka at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

HINGGIL SA PAGTUTULOY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN NG GRP-NDFP

9 DISYEMBRE 2019

Malugod kong tinatanggap ang inilahad sa publikong kagustuhan ni Pangulong Duterte na ituloy ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP at ang kanyang tagubilin kay Kalihim Bello na bisitahin at konsultahin ako sa Utrecht kaugnay nito. Ikinasisiya ko na kinilala ni Pangulong Duterte na “nauubusan na siya ng panahon” at na siya ay determinado na kamtin ang kapayapaan bago matapos ang kanyang termino.

Napapanahon na ipagdiwang ng GRP at ng NDFP kasama ng sambayanang Pilipino sa kapanahunan ng Pasko at ng Bagong Taon at magbuo ng paborableng atmospera para sa negosasyong pangkapayapaan sa pagpapatupad ng mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob tulad ng nagtutugunang unilateral na tigil-putukan at pagpapalaya sa lahat ng detenidong pulitikal na matatanda na at sakitin sa batayang humanitaryan, laluna iyong mga lalahok sa negosasyong pangkapayapaan.

Sa aking pagtingin, maaaring ituloy ang negosasyong pangkapayapaan sa isang pormal na pulong na maglalabas ng deklarasyon ng muling pagtitibay sa mga kasunduang pinagkaisahan mula noong 1992, para pangibabawan ang mga presidensyal na pahayag at iba pang mga balakid na pumigil sa negosasyong pangkapayapaan mula 2017 at magtatakda ng adyenda at iskedyul para sa mga negosasyon at tutugon sa mga pangangailangang pampulitika, ligal at panseguridad.

Maaaring higit pang isulong ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP

ang mga usapan sa *Interim Peace Agreement*, na may tatlong sangkap na tumutukoy sa koordinadong unilateral na tigil-putukan, pangkalahatang amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng detenidong pulitikal at mga seksyon ng *Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER)* hinggil sa *Agrarian Reform and Rural Development at National Industrialization and Economic Development*.

Lahat ng nalalabing seksyon ng CASER ay maaaring pag-usapan, makumpleto at mutwal na pagtibayin ng GRP at ng NDFP sa relatibong maikling panahon. Pagkatapos niyon, ang Comprehensive Agreements on Political and Constitutional Reforms at ang End of Hostilities and Disposition of Forces ay maaaring nang pag-usapan, makumpleto at mutwal na pagtibayin.

HINGGIL SA MGA REKISITONG PAMPULITIKA, LIGAL AT PANSEGURIDAD PARA SA PAGDARAUSAN NG MGA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN NG GRP-NDFP

11 DISYEMBRE 2019

Ang umiiral pang kasunduan sa pagitan ng GRP at ng NDFP na nakasaad sa *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG)* ay ilunsad sa dayuhang nyutral na pagdarausan ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP.

Hindi maaaring pagkatiwalaan ng NDFP ang anumang pahayag na “walang pag-aresto” mula sa panig ng GRP maliban kung wawakasan ang mga mapaniil na kautusan at kampanya ni Duterte, nabigyan na ng amnestiya at napalaya na ang mga detenidong pulitikal, at nasimulan na ang CASER at ang baylateral na tigil-putukan.

Sa sandaling ito, hindi makukuha ng rehimeng Duterte ang tiwala at kumpansa ng NDFP habang tumatanggi itong magpatupad ng mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob, tulad ng pagpapalaya sa sakitin at nakatatandang mga detenidong pulitikal sa batayang humanitaryan at magsagawa ng nagtutugunang unilateral na tigil-putukan sa kapanahunan ng Pasko hanggang sa unang linggo ng Bagong Taon.

Nagtataglay pa rin ng militarista at pasistang mentalidad at gawi ang rehimen. Ni hindi nito kinikilala na binibigyan nito ng pabor ang sarili sa paglayo mula sa pambansa at internasyunal na katayuan nito bilang maramihang mamamatay-tao at mula sa landas ng pasistang tiranya.

Matapos isagawa ang mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob, maaaring nang ilunsad ang mga impormal na pulong sa dayuhang nyutral na pagdarausan para ihanda ang pormal na mga pulong para ituloy ang negosasyong pangkapayapaan sa labas ng bayan, na muling magpapatibay sa mga kasunduang nagawa mula 1992 at magpapangibabaw sa mga mapaniil na hakbangin tulad ng *Proclamation 360 at 374, Memorandum Order 32 at Executive Order No. 70.*

Hindi maaaring magpailalim ang NDFP sa anumang sitwasyon at proseso na may pamumwersa, kontrol at surbeylans ng mga armadong alalay ni Duterte. Kailangang patunayan ng rehimen Duterte na hindi lamang ito nagtatangkang ihulog sa patibong ang NDFP kung saan ang kanyang mga armadong alalay ay maaaring patayin ang mga konsultant tulad ng yumaong si Randy Felix Malayao at arestuhin sila sa gawa-gawang mga kaso at taniman na mga armas tulad nina Vicente Ladlad, Rey Casambre, Reynante Gamara, Adel Silva, Alex Birondo, kanyang asawang si Nona at iba pa na paglabag sa JASIG.

Mabigat ang gawaing haharapin ng mga negosyador at konsultant sa impormal at pormal na mga pulong para sumulong ang negosasyong pangkapayapaan. Ang mga panel sa negosasyon na pinamumunuan nina Kalihim Bello at Fidel Agcaoili ay masisigasig at may kakayanan. Kung walang mga panggugulo at pagpapahinto mula mismo kay Duterte tulad sa nagdaang tatlong taon, magagawa nila nang epektibo ang kanilang gawain at sa tamang hakbang.

Inaasahan ng mamamayan at mga tagataguyod ng kapayapaan na ang dalawang naglalabanang partido ay mag-uusap para sa kapayapaan. Mahalagang kilalanin ang mga panganib at patibong at gumawa ng mga pag-iingat. Kailangang tupdin ang ilang rekesitong pampulitika, ligal at panseguridad.

Walang obligasyon ang NDFP na makipag-usap sa rehimen na wala nang kredibilidad at nauubusan na ng panahon. Sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan. Pero ipinapakita ng NDFP sa mamamayan sa Pilipinas at sa mundo na sinamantala pa rin nito ang bawat pagkakataon na makipag-usap kahit sa kaaway nito at ginagamit ang bawat hakbang na posible para sumulong tungo sa layunin ng makatarungang kapayapaan.

MGA GARANTIYA SA KALIGTASAN AT IMYUNIDAD PARA SA MGA TAUHAN NG NDFP AT MGA KINAKAILANGANG SIRKUNSTANSYA PARA SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAAN

12 DISYEMBRE 2019

Kung talagang interesado si Pangulong Duterte, bilang pinunong pampulitika at punong komandante ng GRP, sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP, dapat niyang bigyan ng reoryentasyon ang kanyang mga upisyal sa depensa, militar at pulisya at atasan sila na hayaang magtuloy ang negosasyong pangkapayapaan at talakayin ang substantibong adyenda hinggil sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika sa ilalim ng mga garantiya sa kaligtasan at imyunidad para sa mga tauhan sa negosasyon ng magkabilang panig sa ilalim ng mga kundisyon na ang NDFP ay ligtas mula sa masamang kundisyon ng militarisasyon at pasisasyon sa Pilipinas sa ilalim ng kasalukuyang rehimen.

Dapat paalalahanan ang pinakamilitarista at pinakabrutal na mga upisyal ng AFP at PNP na itigil ang kanilang hibang na pangarap na bitagin ang mga tauhan sa negosasyon ng NDFP sa Metro Manila sa pagsisimula pa lamang ng pormal na usapan, ipailalim sila sa kanilang kontrol at surbeylans at kung gayun makamit nila ang tagumpay sa pamamagitan na lantarang panlalansi na hindi nila makakamit sa larangan ng labanan at sa paggamit ng saywar na kinabibilangan ng mga pekeng balita, pekeng suportang proyekto sa komunidad, pekeng surrender at mga pekeng engkwentro.

Ang mga tauhan ng NDFP para sa negosasyon (mga negosyador, konsultant at teknikal na istap) ay lubos na prinsipyado at intelihenteng mga tao, mulat sa maruming stratehiya at mga taktika ng mga pwersa ng reaksyunaryong militar at pulisya at laging nasa isip kung paano pinatay si Randy Malayao, inaresto at ikinulong ang ilang konsultant ng NDFP sa mga gawa-gawang kaso at gamit ang tanim na ebidensya, at kung paano na-red tag ang lahat ng konsultant, sinasangguning mga dalubhasa at teknikal na istap ng NDFP at binantaan ng pag-aaresto at basta na lamang pagpatay na paglabag sa JASIG at CARHRIHL. Hindi maaaring ituloy ang negosasyong pangkapayapaan nang walang pormal na pulong sa isang dayuhang nyutral na pagdarausan para muling pagtibayin

ang mga kasunduang baylateral na binuo mula sa *The Hague Joint Declaration of 1992* at pangibabawan ang lahat ng mapaniil na pahayag na ginawa ng rehimen Duterte mula 2017 para ipatigil at hadlangan ang negosasyong pangkapayapaan at para palargahin ang mga kampanya ng *red-tagging*, pagdukot, tortyur, maramihang pagpatay, pagnanakaw, arson, pambobomba at iba pang mga atosidad laban sa simpleng mga suspek at mga komunidad ng sibilyan.

Sa partikular kong kaso bilang pangunahing pampulitikang konsultant ng NDFP, hindi ko pwedeng talikuran ang ligal na proteksyong tinatamasa ko sa ilalim ng *Refugee Convention* at ng *European Convention on Human Rights* at isurender ang sarili sa katunayan sa isang rehimen at mga armadong alalay nito na bantog sa malulubhang paglabag sa karapatang pantao. Hindi ako maaaring umalis sa The Netherlands nang hindi muna nakukuha ang mga garantyang pampulitika at ligal ng ilang kaugnayang gubyerno para panatilihin ang aking mga karapatan na di ipailalim sa panunupil at Artikulo 3 ng *European Convention* para sa marangal na layunin ng pakikipag-usap tungkol sa kapayapaan kay Duterte sa bayang malapit sa Pilipinas.

May ilang matataas na upisyal-militar na nagyayabang na nakatitiyak silang mawawasak ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan at nagdeklara na ayaw nila ng anumang klase ng anumang negosasyong pangkapayapaan at tigil-putukan. Arogante silang nagyayabang na walang pagpipilian ang NDFP kundi ang sumurender sa Maynila mula't sapul. Salungat sila sa ipinapahayag sa publiko ni Duterte mismo na kagustuhan para sa negosasyong pangkapayapaan at baylateral na tigil-putukan.

Sa harap ng kahibangan ng kanyang mga upisyal-militar para sa gera at pagpapatuloy ng mga operasyunal na plano para wasakin ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan, mahigpit ang dahilan para ilunsad ang kasunduang pangkapayapaan sa isang nyutral na pagdarausan sa labas ng bansa hanggang sa panahong iyon na mutwal na mapagtitibay ang komprehensibong kasunduan para sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika para sa kagalingan ng mamamayan. Maaaring paalalahanan ni Duterte ang kanyang sariling mga upisyal militar at pulisya na labis na nila siyang pinahihiya sa kanilang patuloy na pagkabigo na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng tahasang pwersang militar at saywar.

Isang istandard na praktika na ilunsad ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang naglalamanang partido sa dayuhang nyutral na

pagdarausan para hadlangan ang mga mangwawasak at mananabotahe ng kapayapaan sa pagkakaroon ng maraming oportunidad na wasakin o sabotahehin ang negosasyong pangkapayapaan. Karamihan sa mga pangunahing kasunduan sa proseso ng kapayapaan ng GRP-NDFP ay nagawa sa panahon ni Ramos sa dayuhang nyutral na pagdarausan at sa ilalim ng sirkunstansya nang isinasagawa ang mga negosasyon habang nagpapatuloy ang labanan sa Pilipinas. Kung hindi mapatitigil ni Duterte ang kanyang mga upisyal-militar sa paglulunsad ng gera, posibleng makapag-usap habang naglalaban kaysa walang anumang pag-uusap, kung aking sisipiin ang ilan sa mga tagataguyod ng kapayapaan.

Pero syempre, higit na makabubuti na ang mga alalay na militar at pulisya ni Duterte ay agad na mapigilan sa pagsasamantala sa mga mapaniil na pahayag na nauna niyang inilahad at sa higit pang paglabag sa mga karapatang mga tao laban sa mamamayan at pinagsusutpetsahang mga rebolusyonaryo. Makikinabang agad ang malawak na masa ng sambayanan sa paggalang sa kanilang mga karapatang pantao, kabilang ang kanilang mga karapatang sibil, pampulitika, panlipunan, pang-ekonomya at pangkultura. Hayaang gabayan ng CARHRIHL kapwa ang GRP at ang NDFP at lumikha ng mga paborableng kundisyon para sa mga komprehensibong kasunduan para sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika.

MGA IMPLIKASYON AT POSIBLENG KONSEKWENSYA SA PAGTUTULUY NG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN NG GRP AT NDFP

14 DISYEMBRE 2019

Sa batayan ng aking pakikipag-usap kay Secretary Bello nang Disyembre 7 at 8 sa Utrecht, malinaw na may kagustuhan ang mga prinsipal ng GRP at NDFP na ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan na dating winakasan ng rehimens ng Duterte at dagdag na hinadlangan ng mapanupil na mga hakbangin, tulad ng *Proclamation Nos. 360 and 374, Memorandum Order No. 32 at Executive Order No. 70.*

Maresolba ng mga impormal na pulong ang mga isyu at maihahanda ang mga pormal na pulong para ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng muling pagtitibay sa mga kasunduang baylateral mula The Hague Joint Declaration of 1992 at igpawan ang mga balakid gayundin ang kasunod na pormal na pulong para ipinalisa ang *Interim Peace Agreement* na isang pakete ng pangkalahatang amnestiya para sa mga detenidong pulitikal, mayor na mga artikulo ng CASER hinggil sa repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon at baylateral na tigil-putukan.

Pero maraming tao ang nangangamba na sa pagpayag na ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan, maaaring makompromiso at mabitag ang NDFP ng rehimeng Duterte sa di maiiwasang terminasyon ng negosasyong pangkapayapaan at gamitin ang pagkabigo ng negosasyong pangkapayapaan bilang pagdadahilan sa higit na pagpapatindi ng tiranya at panunupil at bilang tabing para madaliin ang pagbabago ng konstitusyon (*charter change*) na mag-iinstitutusyunalisa sa pasismo at magsusuko sa pambansang patrimonya at mga soberanong karapatan sa mga kapangyarihang imperyalista at dayuhang monopolyong mga bangko at empresa.

Mangyari pa, malalaking risgo ang sinusuong ng NDFP sa pagsang-ayon na makipagnegosasyong pangkapayapaan sa GRP at harapin ang mga ugat ng armadong labanan sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampolitika. Ang pangamba ng maraming tao sa mga risgo at pagpapayo ng pag-iingat sa NDFP ay makatwiran dahil sa dating masamang karanasan at nagpapatuloy na maka-imperyalista at reaksyunaryong interes na nangingibabaw sa GRP at sa rehimeng Duterte.

Alinsunod sa pambansa at mga demokratikong karapatan at interes ng sambayanang Pilipino, determinado ang NDFP na magmatyag sa mga risgo at maging maingat sa negosasyong pangkapayapaan. Pinanghahawakan nito nang mahigpit ang mga rebolusyonaryong prinsipyo, at kasabay nito, mayroon itong pleksibilidad sa patakaran na sikaping kumbinsihin ang GRP na kamtin ang mga komprehensibong kasunduan sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampolitika sa balangkas ng pambansang kalayaan, demokrasya at panlipunang katarungan.

Hangat wala pang pinal na kasunduang pangkapayapaan, lubos ang karapatan ng mamamayang Pilipino at ng mga rebolusyonaryong pwersa na maglunsad ng lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa

pang-aapi at pagsasamantala. Maaaring umatras ang panel sa negosasyon ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan kung sakali, at sa pagkakataong ginagamit ang mga ito ng GRP para lamang ikompromiso at bitagin ang NDFP at ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapatindi ng tiranya at panunupil at sa pagbabago ng konstitusyon na labag sa pambansang patrimonya at mga soberanong karapatan ng sambayanang Pilipino.

Habang mayroon pang sapat na dahilan sa pagsasagawa ng negosasyong pangkapayapaan, dapat magsikap kapwa ang GRP at NDFP na gamitin ang mga ito sa pagpapatupad ng mga hakbanging nagpapakita ng katapatan at nagbubuo ng kumpyansahan, at sa pagkakamit ng mga komprehensibong kasunduan sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika para sa kapakinabangan ng mamamayan. Maaaring maging gabay ang CARHRIHL para pawiin ang tiranya at panunupil. Sa pinakamaagang posible, kailangang kumpletuhin, pinalisahin, mutwal na pagtibayin at agad na ipatupad ang CASER. Dapat patuloy na magbalangkas ang reciprocal working committees ng GRP at NDFP ng CAPCR kahit ngayon.

Magkakaroon ng malaking igpaw sa tiwala at kumpyansa kapag ang CASER ay mutwal na pagtitibayin at agad na ipatutupad. Ang mga Pulang mandirigma ng BHB at mga sundalo ng AFP na pangunahing nagmumula sa masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka ay magiging masaya na makitang makikinabang ang kanilang mga pamilya mula sa tunay na reporma sa lupa, mabilis na empleyo sa pamamagitan na pambansang industriyalisasyon, matataas na kita at pinalawak na mga serbisyong panlipunan (edukasyon, kalusugan, ayudang panaklolo at rehabilitasyon, atbp). Kahit ang mga pribadong negosyante ay masisiyahan sa lubhang pinalawak na mga oportunidad na ibubukas ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. ###

HINGGIL SA KASALUKUYANG TIGIL-PUTUKAN AT HIGIT NA HAKBANG PASULONG

5 ENERO 2020

Ang kasalukuyang nagtutugunang kasunduang tigil-putukan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), na dapat nagsimula noong nagdaang Disyembre 23, 2019 ay malapit nang magtapos sa Enero 7, 2020.

Sa pangkalahatan, tinugunan ng magkabilang panig ang kasunduang tigil-putukan at pinahintulutan itong magsilbi bilang hakbangin na nagpapakita ng katapatan at nagbubuo ng kumpyansahan para sa pagpapahusay ng embayronment sa pagtutuloy ng mga negosasyon ng GRP-NDFP.

Mula noong nagdaang Disyembre 26 nang nagbigay ng mga kopya ng SOMO at SOPO ang GRP sa NDFP, walang naging insidente na nagpapatok ang isang panig sa kabilang panig. Ang ilang alegasyon ng mga paglabag sa tigil-putukan ay hindi nakagulo sa pambansang implementasyon ng nagtutugunang unilateral na kasunduan sa tigil-putukan.

Ang ganoong mga alegasyon ay maaaring maayos ng mga panel sa negosasyon ng GRP at ng NDFP at ng *Joint Monitoring Committee* sa ilalim ng *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law*.

Malawakang inaasahan kaugnay ng kasunduang tigil-putukan, dapat palayain ng GRP sa batayang humanitayan ang mga may sakit at nakatatandang detenidong pulitikal, laluna ang 11 NDFP na konsultant na naunang inaresto at idinitine na paglabag sa *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees*. Ang pagpapalaya sa nabanggit na mga detenidong pulitikal sa batayang humanitayan ang titiyak sa tagumpay ng pormal na pulong para ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP sa loob ng Enero. Kaugnay ng iba pang detenidong pulitikal, maaari nilang tanawin ang pangkalahatang amnestiya na nakatakda nang ipahayag sa pag-apruba ng Interim Peace Agreement.

Ang pormal na pulong para ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan

ang may tungkuling muling pagpapatibay sa lahat ng naunang kasunduan mula sa The Hague Joint Declaration of 1992, na magreresulta sa pagpapalit sa mga presidensyal na pahayag na nagwawakas at humahadlang sa negosasyong pangkapayapan at magtatakda ng adyenda para sa negosasyon at magpapatibay ng *Interim Peace Agreement* (IPA).

May tatlong sangkap ang IPA: 1. ang pangkalahatang amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng detenidong pulitikal; 2. pagtitibay sa mga artikulo ng CASER hinggil sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon; at 3. koordinadong mga tigil-putukan.

Masaya ako sa huling pahayag sa midya ni Kalihim Bello na nagpapahayag ng pagiging maunawain sa pangkalahatang pusisyon ng NDFP at sa partikular na usapin ng pampulitika, ligal at panseguridad na mga rekisitos para sa aking mga byahe labas ng The Netherlands.

Sa katunayan, labis na kanais-nais na makaharap ko si Pangulong Duterte para mapabilis ang progreso ng negosasyong pangkapayapaan. Patuloy akong sumasang-ayon na makipagkita sa kanya sa bayang malapit sa Pilipinas matapos pagtibayin at pirmahan ang IPA; at na ako ay babalik sa Pilipinas kaugnay sa mutwal na pagtibayin ng CASER.

Makikinabang ang buong sambayanang Pilipino sa CASER, kabilang ang mga pamilya ng mga tagataguyod ng GRP at NDFP, sa pamamagitan ng reporma sa lupa at sa paglilikha ng mga trabaho sa ilalim ng programa ng pambansang industriyalisasyon. Ang mga ito ang magbibigay ng pang-ekonomya at panlipunang substansya para sa makatarungang kapayapaan.

NDFP: NILALAYON NINA ESPERON AT GALVEZ NA ISABOTAHE ANG MGA USAPAN SA PAMAMAGITAN NG PAG-ATAKE SA CASER

14 ENERO 2020

Ayon sa mga negosyador ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ignorante ang pambansang tagapayo sa seguridad na si Hermogenes C. Esperon at ang presidensyal na tagapayo sa kapayapaan na si Carlito G. Galvez Jr. sa kanilang mga pahayag laban sa Komprehensibong Kasunduan sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (KKRPP).

Sa pahayag noong Martes, sinabi ng NDFP *Reciprocal Working Committee on Socio-Economic Reforms (RWC-SER)* na layunin ng dalawang dating chief of staff ng Armed Forces of the Philippines na “malisyosong baluktutin” ang “napakalaking pag-unlad” na nakamit ng panel sa negosasyon kapwa ng NDFP at ng Government of the Republic of the Philippines (GRP).

“Inilalantad nila ang kanilang mga sarili bilang palagiang na mananabotahe ng prosesong pangkapayapaan at nabubunyag na nasa hanay ng pinakamalalaking sagabal sa kapayapaan sa bayan,”anyang RWC-SER ng NDFP.

Naglabas sina Esperon at Galvez ng mga pahayag noong nakaraang linggo para disengganyuhin ang gubyernong Rodrigo Duterte sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa NDFP, at sinabing “pagtataksil sa bayan” ang CASER.

“Ang CASER ay batay sa lipas na balangkas at hindi na makabuluhan dahil nakabatay ito pangunahin sa kapanahunang pre-industriyalisasyon at pre-globalisasyon. Isa itong pormula para sa pagsurender ng integridad ng pambansang gubyerno gayundin sa soberanya ng estado,” sabi pa ni Galvez. Sa bahagi naman ni Esperon, inilahad niya ang kanyang pagtutol sa planong pagbuhay sa usapang pangkapayapaan sa NDFP, sa pag-aakusa na sinasalamin ng CASER ang “mapanlinlang na katangian at pansariling-interes” ng NDFP.

Gayunman, sinabi ng NDFP na naghahapag ang CASER ng tunay na mga repormang panlipunan at pang-ekonomya at kritikal na mahalaga para sa sambayanang Pilipino dahil tinutugunan nito ang mga ugat ng armadong labanan tulad ng karalitaan, di-pagkakapantay-pantay at kawalan ng pag-unlad.

Libreng pamamahagi ng lupa at pang matagalang pag-unlad

Sinabi ng NDFP na ang seksyon ng *Agrarian Reform and Rural Development (ARRD)* ng pinagtibay na komun na borador sa pagitan ng sarili nito at ng GRP ay kinabibilangan ng libreng pamamahagi ng lupa at ang pagpapawalang-bisa sa mga utang ng mga magsasaka sa ilalim ng mga program sa reporma sa lupa ng gubyerno.

Sasaklawin ng repormang agraryo ang mga plantasyon at malalawak na sakahang komersyal na may kaayusang pinauupahan, magkasosyo sa negosyo, di-inililipat ang lupa tulad ng bantog sa kasamaang stock distribution option. Ayon sa NDFP, mayroon ding mga reporma sa pangisdaan at mga rekurso sa tubigan.

Ipinaliwanag nito na ang mga magsasaka at mangingisda ay mabibigyan ng malawak na saklaw ng mga serbisyong suporta at makikinabang mula sa pagpawi ng mapagsamantalang pagpapautang at mga praktika sa kalakalan sa kanayunan.

Sabi nito, kabilang sa ARRD ang malinaw na komitment para magtayo ang mga impraistruktura sa kanayunan, magpaunlad ng mga industriya sa kanayunan, at magpahusay sa lokal na syensya at teknolohiya.

Kritikal na pinagtibay ng aprubadong borador na komun ng *National Industrialization and Economic Development (NIED)* ang kahalagahan ng pambansang industriyalisasyon para sa pangmatagalang kaunlaran, sabi ng NDFP.

Kinikilala nito ang pangangailangan para sa maayos na pagpapalano at regulasyon ng dayuhang pamumuhunan para paunlarin ang partikular na mga industriya. Ibinunyag ng grupo na lubos na nauunawaan ang mga benepisyo ng nasyunalisadong utilidad publiko at minahan, ng pagpoproseso ng Pilipinas sa mga mineral at kalakalan, at ng pagbuwag sa kontrol ng dayuhang monopolyo sa industriyal na mga teknolohiya.

Sinabi rin ng NDFP na nilalayon ng NIED na paunlarin ang industriyal na syensya at teknolohiyang Pilipino, kinikilala ang mahalagang papel ng mga manggagawa, at pagkakalooban sila ng mas malaking papel sa pagpapatakbo ng mga negosyo.

Ipinaliwanag rin ng grupo na palilitawin ang pondo para sa industriyalisasyon mula sa progresibong buwis, buwis sa luho at sa mga produktong may masasamang epekto, upisyal na suporta, dayuhang pamumuhunan at iba pang mga pagmumulan. Sinabi ng NDFP na ang nalalabing mga isyu hinggil sa CASER tulad ng proteksyon sa embayronment, pagpapaunlad ng kulturang Pilipino, disenteng empleyo, proteksyong panlipunan, libreng edukasyon at kalusugan, abot-kayang pabahay at mga utilidad, pagtataguyod sa mga karapatan ng mga katutubong mamamayan at paggigiit ng soberanyang pang-ekonomya ay maaaring mas madaling makamit sa sandaling muling magpatuloy ang pormal na negosasyon.

Ipinaliwanag ng grupo na ang mga puna nina Esperon at Galvez sa borador na CASER ng NDFP ay nakapagdududa dahil mutwal na pinagkaisahan na kapwa ng NDFP at GRP ang mga borador na komun ng ARRD at NIED.

“Nagpalitan ng mga ideya at naghanap ng mapanlikhang mga solusyon ang NDFP at GRP sa mga problemang panlipunan at pang-ekonomya ng bayan. Ipinakikita ng borador borador na komun na posible na isantabi ng magkabilang panig ang mga pagkakaiba sa ideolohiya at magkaisa sa mga kongkretong hakbang para sa adhikaing komun na tunay na pang-ekonomyang pag-unlad para sa bansa,” sabi ng NDFP.

WALANG MANIOBRA SA BACK CHANNEL

Salungat sa pahayag ni Galvez na ang CASER ay produkto ng lihim na maniobra sa backchannel, ang mga borador na komun ay malawakang nabuo sa konsultasyong publiko sa buong bansa, kabilang ang mga sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan, ayon sa NDFP.

Bawat isa sa NDFP at GRP ay nagharap ng sarili nilang bersyong borador ng CASER sa hapag ng negosasyon at napag-usapan nang may katapatan para lumikha ng mutwal na pinagkasunduang programa ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya, dagdag nito.

Sa bahagi ng panel ng GRP, nag-ulat ito ng maraming multi-ahensyang pulong hinggil sa CASER na dinaluhan ng sarili nitong mga ahensya sa linya ng gawain, Kongreso, lokal na mga upisyal ng gubyrno, at sa akademya sa pormal na mga rawnd sa ibayong dagat, gayundin, sa baylateral na mga pulong ng pangkat sa Pilipinas.

Ipinakita ng NDFP na pinrodyus ang mga borador na komun kasama ang mga upisyal mula sa National Economic and Development Authority, Department of Agrarian Reform, Department of Agriculture, Department of Environment and Natural Resources, National Commission on Indigenous Peoples, Land Bank of the Philippines, Department of Finance, Department of Trade and Industry, at Department of Science and Technology at may mga input mula sa akademya ng University of the Philippines, De La Salle University, at Ateneo de Manila University. Nakadalo rin ang mga myembro ng Peace, Reconciliation and Unity Committee ng Kamara de Representantes mula sa ikalawa hanggang ikaapat na rawnd ng pormal na usapan sa Norway, Italy at sa The Netherlands mula 2016 hanggang 2017. Ang balangkas na komun para sa CASER at mga borador na komun sa mga seksyon hinggil sa ARRD at NIED ay nabalangkas matapos ang apat na pormal na rawnd ng pag-uusap sa ibayong dagat at pitong pulong sa Pilipinas mga RWC kapwa ng GRP at ng NDFP. “Inihanda ang na mutwal na pinagkasunduang mga borador na komun ng baylateral na mga pangkat para sa CASER ng NDFP at GRP, tinanggap ng kani-kanilang *Reciprocal Working Committees for Social and Economic Reforms (RWCS-SER)* noong Nobyembre 2017, at ihaharap para sa pagtitibay ng mga panel ng NDFP at GRP sa pagtutuloy ng usapan,” ayon sa NDFP.

Idinagdag nito na ekspansibong kasunduan ang CASER na may 11 substantibong seksyon ng mga repormang pampatakaran.

Sadyang ginugulo nina Esperon at Galvez ang unilateral na bersyon ng borador ng NDFP ng CASER sa negosasyon at mutwal na pinagkaisahang CASER na lilikhain ng mga negosasyong pangkapayapaan. Malisyoso nilang minamaliit at sinisiraan ang progreso na nakamit ng mga usapang pangkapayapaan para sabotahehin ito at bigyang daan ang kanilang makitid-ang-isip na militarismong pabor sa paggamit ng pwersa, sabi ng NDFP. (Raymund B. Villanueva)

#Back channel – di tuwirang paraan ng pagpapalitan ng sensitibong impormasyon: palihim na pagpapalitan ng sensitibong impormasyon sa pulitika o diplomasya na pinaikutan ang karaniwang mga proseso.

ANG PAULIT-ULIT NA ALOK NI DUTERTE NA *ONE-ON-ONE* SA MAYNILA AY ISANG BITAG AT NAKATUON SA PAGHADLANG SA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAPAN

12 ENERO 2020

Ang paulit-ulit na alok ni Duterte sa akin para sa *one-on-one meeting* sa kanya sa Maynila ay walang kaseryosohan. Alinman sa isa itong malisyosong pakana upang ilagay ako sa isang pamatay na bitag o isang malisyosong maniobra upang hindi matuloy ang negosasyong pangkapayapaan kapag tinanggihan ko at ng NDFP ang kanyang alok bilang isang di katanggap-tanggap na kondisyon.

Dahil alam niya na ako ay may sapat na karanasan at dunong upang kilanlin kung ano ang bitag, ginagamit ni Duterte ang kanyang alok bilang isang saywar at hadlangan ang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP.

May tatlong dahilan bakit nagiging malisyoso si Duterte sa kanyang alok ng *one-on-one meeting* sa Maynila:

Una, gusto niyang talikuran ko ang ligal na proteksyon na mayroon ako sa ilalim ng Refugee Convention at Article 3 ng European Convention on Human Rights at ilagay ang aking sarili sa kontrol at disposisyon ng kanyang berdugong rehimen pagdating ko sa Maynila.

Ikalawa, gusto niyang labagin ko ang aking mga prinsipyo sa pamamagitan ng pagpapailalim at pagsuko ng aking sarili sa tiranikong rehimen at sa mga kilos na ginawa niya upang putulin at hadlangan ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng mga otorisadong mga *panel* ng GRP at NDFP.

Ikatlo, gusto niyang unahan ang absolutong kinakailangang pormal na pulong na dapat idaos sa isang nyutral na *venue* sa ibayong dagat upang buksang muli ang negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng muling pagtitibay sa *joint* GRP-NDFP na mga kasunduan mula pa noong 1992 at mapalitan ang mga kautusan ng presidente upang tapusin at hadlangan ang usapang pangkapayapaan.

Ginagawa ni Duterte ang pekeng alok na *one-on-one meeting* sa Maynila bilang isang hindi katanggap-tanggap na prekondisyon na nag-iimbiba ng pagtanggap ko at ng NDFP at kung gayon hadlangan ang negosasyong pangkapayapaan. Hindi ko iniisip na naniniwala siyang kakagatin ko ang kanyang pain o hindi talaga siya matalino para makita ang kakayahan na kilalanin kung ano ang panggogoyo mula sa kanya at kanyang mga tagapayong militar.

Dapat siyang maging matalino upang maunawaan na hindi ako ni ang NDFP *negotiation panel* ay makakapunta sa Pilipinas bago magkaroon ng isang pormal na muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan at makabuluhang pagsulong sa negosasyon ng mga panlipunan at ekonomikong mga reporma sa isang nyutral na *venue* sa ibayong dagat lampas sa pamimilit, kontrol at manipulasyon o pagsabotahe ng kanyang mga berduhong heneral.

LUMIKHA NG PAGDUDUDA ANG MGA AWTORIDAD NA MILITAR AT PULISYA SA ALOK NI DUTERTE NA NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN

Buong katapatang nagmungkahi ang NDFP ng mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob, tulad ng nagtutugunang unilateral na tigil-putukan at ang pagpapalaya ng mga sakitin at nakatatandang bilanggong pulitikal (laluna ang mga bilanggong pulitikal ng NDFP na ibinilanggo sa paglabag ng JASIG), para makalikha ng paborableng klima para sa usapang pangkapayapaan.

Sa tahasang pagtanggap sa panukalang mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob (*goodwill*), lumikha ng pagdududa ang mga awtoridad na militar at pulis ng GRP sa alok ni Duterte na usapang pangkapayapaan at nagpakita ng malisyosong iskema para atakihin ang mamamayan at ang mga rebolusyonaryong pwersa nang walang patumangga.

Hinahamon ang NDFP at ang mga rebolusyonaryong pwersa na kinakatawan nito na labanan ang pagpapatindi sa mga kampanyang panunupil ng militar at pulisya. Pinaaalalahanan sila ng kanilang sariling kaaway para ipagtanggol ang kanilang sarili at paigtingin ang kanilang sariling mga taktikal na opensiba.

Mataas ang probabilidad na ang alok ni Duterte na usapang pangkapayapaan, na nakaprekondisyon na ipagpapatuloy iyon sa Pilipinas, ay pasimula sa pagpapatindi ng mga atake laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa. Nakikita ng BHB kung ano ang nasa likod ng panlalansi at hindi hahayaang ibukas ang sarili sa mga atake sa pamamagitan ng pagdedeklara ng tigil-putukan na hindi naman tinutugunan ng AFP at PNP.

Parehong palatandaan ang prekondisyon sa NDFP na idaos ang negosasyon sa Pilipinas at sa ilalim ng kontrol at surbeylans ng reaksyunaryong militar at pulisya, at ang di pagtanggap sa mungkahing mga hakbanging nagpapakita ng kabutihang-loob na hindi talaga interesado ang rehimeng Duterte sa usapang pangkapayapaan kundi sinisikap lamang na makahanap ang karagdagang pagdadahilan para sa pagpapatuloy at pagpapatindi ng madugong atake nito laban sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan.

**Malayang salin ng RIB sa ilalim ng KARED-TK
2020**